
# AMOS




Sa bandang gitna ng ikawalong dantaon bago kay Kristo, waring mayaman at napakasagana ng kaharian ng Israel. Nagsimulang mangawala ang maliliit na mga ari-arian at nasa kamay lamang ng ilang mayayaman ang kayamanan, habang parami naman nang parami ang mga dukha. Insulto sa pagdarahop ng mga dukha ang luho ng iilan.

Di inaasaha'y *sumisigaw si Yawe mula sa Sion, dumadagundong ang kanyang tinig mula sa Jerusalem* sa pamamagitan ni Amos na katutubong pastol na taga-Tekoa, maliit na nayong mga siyam na kilometro sa timog ng Betlehem sa lupain ng Juda.

Kinuha siya ng Diyos *mula sa kanyang kawan* at ipinadala sa karatig na lupain, ang Israel sa hilaga. Kayat sinimulan ng propeta ang paglilibot sa mga siyudad sa kaharian ng Israel, at mahigpit na tinutuligsa ang mga panlipunang pang-aapi at ang relihiyong kuntento na sa mga panlabas na seremonya lamang. Ibinabalita niya ang parusa ng Diyos at ang pagkatapon ng Israel, at sa dakong huli'y inihuhula niya ang masasayang araw.

Si Amos ang propeta ng katarungang panlipunan. Isang Diyos na nagtatanggol sa karapatan ng mga pobre ang ipinakikilala niya sa atin.

**1** • [1] Mga salita ni Amos, isa sa mga taga-
pamahala sa kawan ng Tekoa. Ang mga
nakita niya tungkol sa Israel sa panahon ng
paghahari ni Ozias sa Juda at ni Yeroboam na
anak ni Yoas sa Israel, dalawang taon bago
lumindol. [2] Sabi niya:

"Sumisigaw si Yawe mula sa Sion,
dumadagundong ang kanyang tinig mula sa
Jerusalem.
Natuyot ang mga pastulan
at natuyo ang tuktok ng Karmel."

**Hatol sa maraming bansa**

[3] Ganito ang sabi ni Yawe: "Sapagkat nag-
kasala ang Damasco, di lamang minsan kundi
makaitlo at higit pa, hindi ko tatalikuran ang
aking galit. Sapagkat giniik nila ang Galaad ng
mga kalaykay na bakal, [4] magpapadala ako ng
apoy sa sambahayan ni Hazael at matutupok
ang mga palasyo ni Ben-Hadad. Paaalisin ko
ang hari sa Lambak ng Aven at ang may hawak
ng setro sa Bet-Eden. Pupuntang bihag sa Kir
ang bayan ng Aram. [5] Babaliin ko ang panarang
bakal sa pinto ng Damasco," sabi ni Yawe.

[6] Ito ang sinasabi ni Yawe: "Sapagkat nag-
kasala ang Gaza, di lamang minsan kundi ma-
kaitlo at higit pa, hindi ko tatalikuran ang aking
galit. Sapagkat buong mga bayan ang dinala
nilang bihag para ipagbiling alipin sa Edom,
[7] magpapadala ako ng apoy sa mga pader ng
Gaza at matutupok ang kanyang mga palasyo.
[8] Paaalisin ko ang hari sa Asdod at ang may
hawak ng setro sa Askalon. Ibabaling ko ang
aking kamay laban sa Ekron at malilipol ang
nalalabi sa mga Pilisteo," sabi ni Yaweng Pangi-
noon.

[9] Ito ang sinasabi ni Yawe: "Sapagkat nag-
kasala ang Tiro, di lamang minsan kundi ma-

---

• **1.1** Ibinabalita sa mga kabanata 1 at 2 ang Paghuhukom ng Diyos na malapit nang dumating. Lubhang tinutuligsa ni Amos ang mga bansang pagano na lumayo sa pangkalahatang moralidad at sa mga panuntunan ng buhay ng tao. Nasa Juda naman na isang bansang sumasampalataya ang kasalanan ng paglimot sa Batas ng Diyos (2:4).

kaitlo at higit pa, hindi ko tatalikuran ang aking
galit. Sapagkat ipinagbili nila sa Edom ang mga
buong bayan bilang alipin, at binalewala ang
tipan ng pakikipagkapatiran, 10 magpapadala
ako ng apoy sa mga pader ng Tiro at matutupok
ang kanyang mga palasyo."

11 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Sapagkat nag-
kasala ang Edom, di lamang minsan kundi
makaitlo at higit pa, hindi ko tatalikuran ang
aking galit. Sapagkat hinabol niya ng taga ang
kanyang kapatid at siniil ang lahat ng habag,
sapagkat laging nag-aapoy ang kanyang galit at
naglalagablab ang kanyang poot, 12 magpapa-
dala ako ng apoy sa Teman at matutupok ang
mga palasyo ng Bosra."

13 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Sapagkat nag-
kasala ang mga Amonita, di lamang minsan
kundi makaitlo at higit pa, hindi ko tatalikuran
ang aking galit. Sapagkat linaslas nila ang sina-
pupunan ng mga buntis sa Galaad upang ma-
palawak ang kanilang hanggahan, 14 magpa-
padala ako ng apoy sa mga pader ng Rabba at
matutupok ang kanyang mga palasyo. At mag-
hihiyawan sa digmaan, iihip ang malakas na
hangin sa pagbagyo. 15 Ipatatapon ang kanilang
hari kasama ng mga opisyal," sabi ni Yawe.

2 1 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Sapagkat nag-
kasala ang Moab, di lamang minsan kundi
makaitlo at higit pa, hindi ko tatalikuran ang
aking galit. Sapagkat sinunog nila ang mga buto
ng hari ng Edom, 2 magpapadala ako ng apoy sa
Moab at matutupok ang kanyang mga lunsod.
Babagsak ang Moab nang napakalakas, sa gitna
ng mga sigaw ng digmaan at tunog ng trumpeta.
3 Lilipulin ko ang kanilang pinuno at ang lahat
nilang opisyal," sabi ni Yawe.

4 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Sapagkat nag-
kasala ang Juda, di lamang minsan kundi
makaitlo at higit pa, hindi ko tatalikuran ang
aking galit. Sapagkat tinanggihan nila ang Batas
ni Yawe at di tinupad ang kanyang mga kau-
tusan kundi iniligaw ng mga huwad na diyos na
sinundan ng kanilang mga ninuno, 5 magpapa-
dala ako ng apoy sa Juda at matutupok ang mga
palasyo ng Jerusalem.

**Hatol sa Israel**

• 6 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Sapagkat nag-
kasala ang Israel, di lamang minsan kundi
makaitlo at higit pa, hindi ko tatalikuran ang
aking galit. Ipinagpapalit nila sa pera ang ma-
tuwid at sa isang paris na sandalyas ang nag-
darahop, 7 niyuyurakan ang ulo ng dukha gaya
ng alabok sa lupa, ipinagkakait ang karapatan
ng api.
Isang babae ang sinisipingan ng mag-ama
para lapastanganin ang banal kong pangalan.
8 Sa tabi ng bawat altar, nahihiga sila sa mga
damit na inilit. Iniinom nila ang alak na kinuha
nilang multa at naglalasing sa Bahay ng kani-
lang Diyos.
9 Nilipol ko sa harap ninyo ang mga Amor-
reong sintaas ng mga sedro at sintatag ng mga
ensina. Pinagpuputol ko ang kanilang mga bu-
nga sa itaas at ang kanilang mga ugat sa ibaba.
10 Ako ang naglabas sa inyo mula sa lupain
ng Ehipto at umakay sa inyo nang apatnapung
taon sa disyerto para mapasainyo ang lupain ng
mga Amorreo.
11 Ako ang humirang ng mga propeta mula sa
inyong mga anak, at ng mga Nasireo mula sa
inyong kabataang lalaki. Hindi ba, Israel? sabi ni
Yawe. 12 Ngunit pinainom ninyo ng alak ang mga
Nasireo at pinagbawalang magpropesiya ang
mga propeta.
13 Kaya dudurugin ko kayo sa lupa tulad ng
pagdurog ng karitong puno ng trigo.
14 Hindi makatatakas ang maliksi at mang-
hihina ang malakas. Hindi maililigtas ng man-
dirigma ang sarili 15 ni makatatayong matatag
ang mamamana. Hindi makatatakas ang mabi-
lis tumakbo, hindi maililigtas ng mangangabayo
ang sarili. 16 Maging ang pinakamatatapang na
mga mandirigma'y hubad na tatakas sa araw na
iyon," sabi ni Yawe.

**Nalalapit ang pagpaparusa**

3 1 Pakinggan ang salita ni Yawe laban sa
inyo, mga taga-Israel, laban sa buong
angkang pinalabas niya mula sa Ehipto. 2 Sa
inyo lamang ako nakipagkilala sa lahat ng ang-
kan sa lupa; kaya parurusahan ko kayo sa isang
tanging paraan sa inyong mga kasalanan.

---

• 6. Ipinapamukha niya sa Israel ang marami nitong pagyurak sa karapatan ng mga dukha. At sa ganito'y pinapalsipika nila ang relihiyon. Pinananatili nila ang mga seremonya ng relihiyon para kasangkalanin sa paglalasing at pagbibili ng sarili. Pero pinatatahimik nila ang mga propetang naghahatid ng salita ng Diyos na bukal ng tunay na relihiyon.

*Pinaiinom ninyo ng alak ang mga Nasireo* (tingnan ang Lev 6). Pinagtatawanan ng mga deboto ng isang bulok na relihiyon ang mga taong naiiba ang pamumuhay pati na sa panlabas bilang pagpapahayag ng personal na katangian ng kanilang desisyon at paninindigan sa kanilang relihiyon: *uminom sila,* maging katulad sila ng lahat dahil kinukunsiyensya tayo ng kanilang pamumuhay.

• 3 Magkasama kayang lumalakad ang da-
lawa kung hindi sila nagkakasundo?
4 Umuungol ba ang leon sa gubat kung wala
itong biktima? Umuungol ba sa lungga ang
batang leon kung wala itong huli?
5 Nahuhuli ba ang ibon sa bitag na walang
pain? Umiigkas ba sa lupa ang bitag kung wala
naman itong huli?
6 Sa pagtunog ng trumpeta sa isang lunsod,
hindi ba't matatakot ang mga tagaroon?
Kung may kapahamakan sa lunsod, hindi
ba't ginawa iyon ni Yawe? 7 (Ngunit walang
ginagawa si Yawe nang hindi inihahayag ang
kanyang plano sa kanyang mga lingkod, ang
mga propeta.) 8 Kapag umungol ang leon, sino
ang di matatakot? Kapag nagsalita si Yawe, sino
ang di magpopropesiya?
9 Tawagin ang mga pinunong nasa mga pa-
lasyo ng Asur at sa mga palasyo ng Ehipto:
"Magtipon sa bundok ng Samaria at tingnan ang
matinding ligalig at paniniil na nagaganap doon.
10 Hindi nila alam ang paggawa ng mabuti;
iniimbak nila sa kanilang mga palasyo ang mga
bunga ng kanilang pang-aagaw at karahasan.
11 Kaya ito ang salita ni Yawe: "Sasakupin ng
kaaway ang lupain; lalansagin ang inyong pu-
wersa at sasamsaman ang inyong palasyo."
12 Ito ang sinasabi ni Yawe: "Kung paanong
inaagaw ng pastol mula sa bunganga ng leon
ang mga paa o dulo ng tainga, gayon maliligtas
ang ilan sa inyo, O mga Israelita ng Samaria na
nagpapahinga sa malalambot na higaan at unan
ng Damasco."
13 Dinggin at akusahin ang lahi ni Jacob, sabi
ni Yawe. 14 Sa araw na tawagin ko ang Israel
upang magsulit ng kanyang mga pagkakasala,
parurusahan ko rin ang mga altar ng Betel.
Gigibain ang mga sungay ng altar at babagsak
sa lupa. 15 At gigibain ko ang bahay sa taglamig
at ang bahay sa tag-init. Iguguho ang palasyong
garing at wawasakin ang malaking bahay.

**4** • 1 Makinig sa salitang ito, mga baka
ng Basan sa burol ng Samaria, ka-
yong mga babaeng nang-aapi sa dukha at
naniniil sa mahihina, nag-uutos sa inyu-
inyong asawa: "Dalhan nga kami ng mai-
inom!"
2 Nanumpa ang Panginoong Yawe sa
kanyang kabanalan: "Darating ang pana-
hong kakaladkarin kayong may kalawit
sa inyong nguso at may kalawit sa inyong
pigi."
3 Daraan kayo sa mga butas ng pader,
itinataboy patungong Hermon." Si Yawe
ang nagsasalita.

### Humanda sa pakikipagharap sa iyong Diyos

• 4 Sige, pumunta kayo sa Santuwaryo
ng Betel at magkasala at saka lumusong
sa Gilgal at magkasala pa uli! Magdala
ng mga handog tuwing umaga at ng ikapu
sa ikatlong araw. Magsunog ng tinapay
na walang lebadura bilang pasasalamat.
5 Ipagmalaki sa harap ng madla ang

---

• **3.**3. Hindi maintindihan ng mga tagapakinig ni Amos kung bakit dumating para mangaral ang taong ito na hindi naman pari, ni miyembro sa "samahan ng mga propeta." Eskandalo ito sa kanila dahil nakikialam siya sa mga bagay na ayon sa kanila ay wala namang kinalaman sa relihiyon. Maliwanag ang ibig sabihin ng mga paglalarawang ginagamit ni Amos sa mga bersong ito: nagsasalita siya dahil pinupuwersa siyang magsalita ng Diyos.

Sa 3:9-15, tinatawag ni Amos ang Asiria at Ehipto na dumating para ibagsak ang isang lipunang walang pananampalataya o batas. Wasakin nila pati mga templo at mga palasyo, pagkat kapwa lamang nananatili ang mga ito dahil sa pagsasamantala, at nagtataguyod ng kasalanan.

• **4.**1 Mahalagang pansinin ang pagtrato ni Amos sa mga babaeng mayaman at makasarili. Inihahambing niya ang mga ito sa mga baka ng Basan. Isang rehiyon sa kabilang ibayo ng Jordan ang Basan, at kilala sa Matandang Tipan dahil sa nagtatabaang mga hayop nito.

Nangagsisitaba ang mga babaeng iyon sa pangangayayat naman ng mga dukha, at wala silang alam kundi mag*party* at makipagsosyalan. Ibinabalita ni Amos ang araw ng pagdadala sa kanila mula sa nalupig na kapitolyo at idedeport nang walang anumang pagsasaalang-alang gaya sa isang kawan ng mga baka.

• 4. Ginugunita ni Amos ang maraming paghihirap at pagsubok na nagbigay-daan sa mga tao para magnilay.

Binibigyang-pansin ni Amos ang salungatan ng luho, ng malimit na mga relihiyosong pagdiriwang at ang masamang ugali ng bayan. Inaakala nilang babale-walain na ng Diyos ang masama nilang ugali sa oras na isagawa nila ang mga seremonya at magalay ng mga handog. Pero hindi ganito.

kusang-loob ninyong pag-aalay pagkat ito
ang nakapagpapaligaya sa inyo, kalala-
kihan ng Israel," sabi ng Panginoong Yawe.

6 "Kahit na sa bawat lunsod ay pinaba-
yaan kong walang nginunguya ang in-
yong mga ngipin at inalis ko ang tinapay
sa lahat ng inyong mga bayan, hindi pa rin
kayo nagbalik sa akin," sabi ni Yawe.

7 "Kahit na pinagkaitan ko na kayo ng
ulan tatlong buwan pa bago mag-ani, at
nagpaulan ako sa isang bayan at hindi sa
iba, 8 at sumusuray na naghanap sa isang
bayan ang tatlong iba pang bayan para
mapawi ang kanilang uhaw, hindi pa rin
kayo nagbalik sa akin," sabi ni Yawe.

9 "Kahit na hinampas ko ng salot at
amag ang inyong mga gulayan at ubasan,
nilamon ng balang ang inyong mga pu-
nong igos at olibo, hindi pa rin kayo nag-
balik sa akin," sabi ni Yawe.

10 "Kahit na nagpadala ako ng mga
salot sa inyo tulad sa Ehipto, kahit na
pinatay ko sa tabak ang inyong mga ka-
bataang lalaki, kasama ng inyong mga
kabayong sinamsam, at ipinaamoy sa
inyo ang alingasaw ng inyong mga patay,
hindi pa rin kayo nagbalik sa akin," sabi ni
Yawe.

11 "Ibinagsak ko kayo, gaya ng pagbag-
sak ng Sodom at Gomorra; para kayong
nasusunog na patpat na inagaw sa apoy,
ngunit hindi pa rin kayo nagbalik sa akin,"
sabi ni Yawe.

12 "Kaya alam ko na kung ano ang ga-
gawin ko sa iyo, Israel. At dahil gagawin
ko ito, humanda ka, Israel, sa pakikipag-
harap sa iyong Diyos!"

13 Sapagkat siya ang bumubuo sa mga
bundok at lumilikha sa hangin; ang nag-
papaulan nang sagana sa lupa; ang nag-
papatakipsilim sa bukanliwayway at
lumalakad sa mga kaitaasan ng lupa –
Yawe, Diyos ng mga Hukbo, ang kanyang
pangalan.

### Hanapin ako at mabubuhay ka

**5** 1 Pakinggan ang salitang ito na binibigkas
ko tungkol sa inyo, pagtaghoy para sa
iyo, Israel: 2 "Bumagsak at di na makababa-
ngon ang birheng Israel. Nakalugmok siya sa
sariling lupa at walang magtitindig sa kanya."

3 Sapagkat ito ang sinasabi ni Yawe: "Isan-
daan na lamang ang matitira sa lunsod na san-
libo katao ang umalis, at sa may sandaan na-
ma'y sampu lamang ang matitira."

4 Ito ang sinasabi ni Yawe sa Sambahayan ng
Israel: "Hanapin ninyo ako at mabubuhay kayo,
5 ngunit huwag sa Betel ni sa Gilgal o sa Berseba
man. Sapagkat mapapatapon ang nasa Gilgal at
malilipol ang Betel."

6 Hanapin si Yawe upang mabuhay, kung di'y
mabilis siyang gagapang na parang sunog sa
tribu ni Jose at wala sa Betel na papatay sa
lagablab.

8 Ang maygawa ng Pleyades at Orion, ang
nagpapatakipsilim sa bukanliwayway at nagpa-
padilim sa araw para maging gabi, ang tumata-
wag sa mga tubig ng dagat at nagbubuhos nito
sa lupa – Yawe ang kanyang pangalan. 9 Wina-
wasak niyang tulad ng kidlat ang malakas at
iginuguho ang napapaderang lunsod.

7 Kawawa ang nagpapapait sa hatol at
nagtatapon ng katarungan sa lupa!

10 Kinamumuhian ninyo ang nagsasak-
dal sa hukuman at himahamak ang nag-
sasabi ng katotohanan.

11 Niyuyurakan nga ninyo ang dukha at
pinapatawan ng buwis ang kanyang trigo.
At saka kayo nagtatayo ng mga bahay na
yari sa tinapyas na bato, ngunit hindi kayo
maninirahan sa mga iyon. Nakapagtanim
kayo ng mga piling ubas ngunit hindi
kayo iinom ng alak nito.

12 Pagkat alam kong napakarami ng
inyong mga kasamaan at napakabigat ng
inyong mga kasalanan: pang-aapi sa ma-
tuwid, panghihingi ng lagay, pandaraya sa
mga dukha sa hukuman. 13 Kaya walang
imik ang matalino sa panahong ito, pag-
kat panahon ito ng kasamaan.

**Magiging madilim ang araw ng Panginoon**

• 14 Hanapin ang mabuti at di ang masama
upang mabuhay kayo.
At sasainyo si Yaweng Diyos ng mga Hukbo,
gaya ng sabi ninyo.
15 Kamuhian ang kasamaan at mahalin ang kabutihan,
at pairalin sa hukuman ang katarungan;
at kahahabagan marahil ni Yawe ang nalabi ni Jose.

16 Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng mga Hukbo:
"Magkakaroon ng pagtangis sa bawat liwasan,
sigaw ng kapighatian sa bawat lansangan.
Tatawagin ang mga magsasaka para managhoy
at malakas na mananangis ang mga upahang tagapagluksa.
17 Magkakaroon ng pagtangis sa bawat ubasan,
pagkat dadaan ako sa gitna ninyo," sabi ni Yawe.

18 Kawawa ang mga naghihintay sa araw ni Yawe!
Ano ang mapapala mo sa araw na iyon?
Araw iyon ng dilim, hindi ng liwanag,
19 na para bang may taong tumakas sa leon
para maharap lamang sa oso;
at pagkapasok niya sa kanyang bahay,
at pagsandal niya sa dinding ay natuklaw ng ahas.
20 Di ba't dilim ang araw ni Yawe at di liwanag,
madilim at walang ningning?

21 Kinamumuhian ko, ayaw ko ng in-
yong mga piyesta; hindi ko kinalulugdan
ang inyong mga pagtitipon. 22 Mag-alay
man kayo sa akin ng mga butil at sinunog
na handog, hindi ko tatanggapin ang mga
ito. Hindi ko papansinin ang mga hain
ninyong matatabang baka.

23 Tama na ang ingay ng inyong mga
awit, ayaw kong marinig ang tugtog ng
inyong mga alpa. 24 Ngunit padaluying
parang tubig ang katarungan at parang
ilog na walang hanggan ang pagkama-
tuwid.

25 Nagdala ba kayo sa akin, Israel, ng mga

---

• **5.14**. Ang mga reklamo ng Diyos sa kanyang bayan ay walang ipinag-iba sa ipinasabi niya kay Isaias sa ibang panahon: "Sa mga salita lamang lumalapit sa akin ang bayang ito, mga labi lamang nila ang nagpaparangal sa akin, pero malayo pa rin sa akin ang kanilang mga puso." (Is 29:13).

Dahil hindi pa sapat ang mga naunang kapahamakan para turuan ang Israel na maging matuwid, isa pang kapahamakan ang ibinabalita ni Amos. Hindi tinitiyak kung ano ito, dahil ang hindi alam ang karaniwang naghahatid ng mas matinding takot.

Mas malawak ang pagpapakahulugan ni Amos sa *Araw ni Yawe*. Sa pagsasabi ng mga Israelita sa Araw ni Yawe, ang araw ng kanilang tagumpay ang kanilang tinutukoy, ang pagdating ng Diyos para durugin ang mga kaaway na bansa. Binabaligtad ni Amos ang kahulugan ng salitang ito. At mula noon, sa labi ng mga propeta, ang Araw ni Yawe ang mangangahulugan ng pagdating ng Diyos para singilin, una sa lahat, ang kanyang bayan (tingnan ang Sofonias 1:14). Maging sa Ebanghelyo at sa iba pang libro ng Bagong Tipan, ang Araw ng Panginoon ay mangangahulugan din ng Araw ng Pangkalahatang Paghuhukom (tingnan ang Rom 1:18). Pero magkakaroon ito ng mas tiyak na kahulugan: ang pagdating ni Kristo. Magiging hukom siya ng mga nagtakwil sa kanyang Salita, pero bibigyang-katuparan naman niya ang pag-asa ng mga nanalig sa kanya.

hain at handog sa loob ng apatnapung taon sa
disyerto? [26]Ngunit ngayo'y itinaas ninyo si
Haring Sikut at si Kiyun, mga diyus-diyusang
gawa ninyo. [27]Kaya ipadedeport ko kayo sa
kabila pa ng Damasco," sabi ni Yawe na Diyos
ng mga Hukbo ang pangalan.

**6** [1]Kawawa ang mga panatag sa kaginhawahan sa Sion, na nagtitiwala sa burol ng Samaria!

Kawawa kayong mga taong kinikilala sa mga bansa, na parang mga diyos sa Israel!

[2]Pumunta sa Kalne at masdan; mula roo'y pumunta sa dakilang Hamat at bumaba sa Gat ng mga Pilisteo. Nakahihigit ba kayo sa mga kahariang iyon? Mas malawak ba kaysa mga iyon ang teritoryo ninyo?

[3]Ipinagpapaliban ninyo ang masamang araw at pinalalapit ang taon ng karahasan.

[4]Nahihiga kayo sa mga kamang may-ukit na garing at humihilata sa mga sopa. Kinakain ninyo ang mga batang tupa mula sa kawan at mga guya mula sa kulungan.

[5]Tinutugtog ninyo ang alpa, at gumagawa ng mga bagong awit gaya ni David.

[6]Pitsel-pitsel kung uminom kayo ng alak at pinakamahal na langis ang ginagamit, ngunit hindi ninyo ikinalulungkot ang mga guho sa bayan ni Jose.

[7]Kaya mauuna kayo sa mga ipatatapon at magwawakas ang pagdiriwang ng mga nakahilata.

[8]Nanumpa si Yawe sa kanyang sarili: "Kinamumuhian ko ang mayabang na lunsod ni Jacob, kinamumuhian ko ang kanyang mga palasyo. Ibibigay ko sa kaaway ang lunsod at lahat ng naroon."

[9]At mangyayari na may sampung lalaking
naiwan sa isang bahay, mamamatay sila. [10]Ku-
kunin sila ng kanilang kamag-anak at ilalabas
ang mga buto mula sa bahay; at kapag itinanong
niya sa nasa loob ng bahay: "Mayroon pa ba?"
sasagot ito: "Wala na, tumahimik ka. Huwag
nating babanggitin ang pangalan ni Yawe."

[11]Sapagkat ito ang utos ni Yawe: "Guguho ang malaking bahay at magigiba ang maliit na bahay."

[12]Tumatakbo ba ang mga kabayo sa mabatong dalisdis? Pinapag-aararo ba ng tao sa dagat ang baka? Ngunit ginawa ninyong lason ang katarungan at pinapait ang bunga ng pagkamatuwid.

[13]Ikinagagalak ninyo ang walang kabuluhan
sa pagsasabing: "Hindi ba tayo naging maka-
pangyarihan dahil sa sarili nating lakas?"
[14]Ngunit pinababangon ko laban sa iyo, Israel,
ang isang bansang maniniil sa iyo mula sa
lagusan ng Hamat hanggang sa lambak ng
Araba.

**Limang pangitain**

**7** • [1]Ito ang ipinakita sa akin ng Pangi-
noong Yawe: Binubuo niya ang isang pulu-
tong ng mga balang nang tumutubo na ang
ikalawang tanim pagkaraan ng pagpapagapas
ng hari. [2]Nang mauubos na ng mga balang ang
lahat ng luntian, sinabi ko: "Patawad, Pangi-
noong Yawe! Paano makatatagal ang Jacob?
Napakaliit nito." [3]Naglubag ang kalooban ni
Yawe at sinabi niya: "Hindi ito mangyayari."

[4]Ito ang ipinakita sa akin ng Panginoong
Yawe: Tinatawag niya ang nagliliyab na apoy.
Tinupok nito ang malaking kalaliman at tinutu-
pok ang lupain. [5]Sinabi ko: "Panginoong Yawe,
ihinto ito! Paano makatatagal ang Jacob? Na-
pakaliit nito." [6]Naglubag ang kalooban ni Yawe
at sinabi: "Ito ma'y hindi mangyayari."

[7]Ito ang ipinakita sa akin ng Panginoong
Yawe: Nakatayo siya sa tabi ng pader at may
hawak na nibel na panghulog. [8]Tinanong ako ni
Yawe: "Amos, ano'ng nakikita mo?" At sumagot
ako: "Isang panghulog na nibel." Sabi ni Yawe:
"Papatagin ko nga ang aking bayang Israel.
Hindi ko na sila patatawarin. [9]Matitiwangwang

---

*Kahahabagan marahil ni Yawe ang Nalabi ni Jose.* Lumilitaw sa kauna-unahang pagkakataon sa Biblia ang salitang *Nalabi.* Binuo ang bayan ng Israel ng mga inapo ni Abraham, ang taong sumasampalataya. Pero nakita ng mga propeta na papunta sa pagkawasak ang bayang ito dahil sa kakulangan nila sa pananampalataya. Inaagaw sa kanila ang mga lalawigan nila, nangangamatay ang kanilang mga anak. Subalit isang maliit na grupo ang pananatiliin ng Diyos, ang *Labi* ng Israel. Manunumbalik sila sa tunay na pananampalataya at sila ang magiging "usbong"ng Bagong Bayan ng Diyos.

*Efraim, Jose, Jacob, Israel:* iisang bansa lamang ang tinutukoy ng mga pangalang ito.

• **7.1** *Hindi kailanman nakuntento ang mga propeta na basta lamang babalaan ang kanilang bayan. Lagi rin silang sumasamo para sa kanila sa harap ng Diyos (tingnan ang Ez 33 at 22:30). Sa unang dalawang pangitain, hangad ni Amos na pawiin ang galit ni Yawe. Sa ikatlo nama'y nakakabangga niya ang matibay na pasya ng Diyos na wasakin ang Israel.*

ang mga altar sa burol ng Isaac at guguho ang mga santuwaryo ng Israel. Pagkat babangon akong may hawak na tabak laban sa angkan ni Yeroboam."

**Pakikipagtunggali sa paring si Amasias**

• 10 Si Amasias, na pari ng Betel ay nagpahatid ng salita kay Haring Yero-
boam ng Israel: "Kinakalaban ka ni Amos
sa piling ng Israel; hindi na matiis ng
lupain ang pinagsasasabi niya. 11 Ganito
ang sinasabi ni Amos: Mamamatay sa
tabak si Yeroboam at ipatatapon mula sa
sariling lupain ang Israel."
12 At sinabi ni Amasias kay Amos:
"Umalis ka na, manghuhula, at magbalik
sa lupain ng Juda. Doon ka maghanap-
buhay at manghula. 13 At huwag ka nang
manghula sa Betel sapagkat santuwaryo
ito ng hari at pambansang dambana."
14 Sinagot ni Amos si Amasias: "Hindi
ako propeta o isa man sa samahan ng
mga propeta. Tagapamahala ako sa ka-
wan at nag-aalaga ng mga punong igos.
15 Ngunit kinuha ako ni Yawe mula sa pa-
mamahala ng kawan at sinabi sa akin:
'Humayo ka at magpropesiya sa aking
bayang Israel.' 16 At sinasabi mo ngayong:
'Huwag nang manghula pa laban sa Israel;
tama na ang mga paghamak sa angkan ni
Isaac!' 17 Kaya ito ang sinasabi ni Yawe:

'Magiging babaeng bayaran sa lunsod ang iyong asawa, masasawi sa tabak ang mga anak mo, paghahati-hatian ang lupain mo at ikaw nama'y mamamatay sa banyagang lupain, pagkat ipadedeport ang Israel palayo sa sarili nitong lupain."

**Ikapat na pangitain: ang basket ng mga hinog na prutas**

8 • 1 Ipinakita sa akin ni Yawe ang isang
basket ng hinog na prutas 2 at nag-
tanong: "Ano'ng nakikita mo, Amos?" Su-
magot ako: "Isang basket ng hinog na
prutas."

Sinabi pa ni Yawe sa akin: "Hinog na
para wakasan ang aking bayang Israel;
hindi ko na sila patatawarin. 3 Magiging
panaghoy ang mga awit sa Templo sa
araw na iyon, sabi ni Yawe. Maraming
bangkay saan man, na tahimik na itinata-
pon."

4 Makinig kayong lahat na nang-aapi sa

---

• 10. Pansinin natin ang kapangahasan ni Amos sa kanyang ginagawa. Nagpunta siya para mangaral sa pambansang Templo, o sa ibang sali-ta'y sa katedral ng bansa. Ginagawa niya ito gayong wala siyang titulo ni permiso ng pari, at sinimulan niyang tuligsain ang huwad na kaayusang nagbi-bigay-daan sa pagdami ng napakaraming personal na kayamanan. Natural lamang na maeskandalo si Amasias na pari ng hari. Sa kasalukuyan nating panahon, tiyak na aarestuhin si Amos, bubugbugin at papatayin.

Para kay Amasias, ang pagkapari niya ay isang tungkuling malaki ang kita at kumbinsido siya na nangangaral din si Amos laban sa kanyang paraan ng pagkita. Dahil nang panahong iyon, maraming propeta ang kumikita sa pagbibigay ng mga payo gayong hindi naman sila tuwirang tinawag ng Diyos, hindi katulad ng mga dakilang propetang kinabibilangan mismo ni Amos.

Hindi *propetang* gaya nila si Amos. Karaniwang tao siya, isang laykong pinagkatiwalaan ng Diyos ng isang misyon nang personal niya itong tawagin. Waring talunan siya sa pakikipagharap niya sa mga nasa kapangyarihan sa relihiyon. Hindi sinasabi sa atin na may iba pang sandata siyang ginamit mali-ban sa salita ng Diyos na marunong humukom sa kanyang mga sugo. Hindi natin alam kung nag-tagumpay nga si Amasias sa pagpapalayas sa kanya mula sa bansa, o kung pinagbawalan lamang niya itong mangaral sa mas mataong mga lugar.

• **8**.1 *Ipinagpapatuloy sa ikapat na pangitaing ito ang nasa kabanata 7:1-9.*

Inilalarawan ni Amos ang kasakiman ng mga negosyante at ng mga mayaman, ang pagsasaman-tala sa mga nangangailangan, ang luho ng mga may pera, ang paglalagay sa mga hukom, at iba pa.

*Magpapadala ako sa kanila ng pagkauhaw na marinig ang salita ni Yawe* (11), na ang ibig sabihi'y di magtatagal at labis na maghihirap ang mga ayaw makinig dahil sapat sila sa lahat ng bagay. Kaya pananabikan nilang makarinig ng salita ng pagpapaginhawa mula sa Diyos, na hindi naman darating. Pero magkakatotoo sa maraming paraan ang mga salita ng propeta. Maaari nating makita sa mga ito ang pagbabalita sa pagkagutom at pag-kauhaw sa salita ng Diyos, na pagkakakilanlan sa sumasampalataya sa sumunod na mga panahon.

dukha at naghahangad na alisin sa lupain
ang mga aba. 5 Sabi ninyo: "Kailan ma-
tatapos ang Bagong Buwan o ang Araw
ng Pahinga nang mabuksan namin ang
tindahan ng trigo? Bawasan natin ang
takal at itaas ang presyo; gamitin ang
madayang timbangan at 6 ipagbili kahit na
ang ipa, ipagpapalit natin sa pera ang
dukha at sa isang paris na sandalyas ang
nagdarahop."

7 Si Yawe, ang karangalan ng Jacob, ay
sumumpa sa sarili: "Hindi ko kailanman
malilimot ang kanilang ginawa."

8 Di ba't mayayanig ang lupa dahil dito
at magluluksa ang lahat ng naririto? Ta-
taas na tulad ng Ilog Nilo at bababa uling
gaya ng ilog ng Ehipto?

9 Sabi ni Yawe: "Sa araw na iyon, palu-
lubugin ko ang araw sa katanghalian at
papagdidilimin ang lupa sa araw na ma-
aliwalas.

10 Gagawin kong pagluluksa ang in-
yong mga pagpipiyesta, at pagtangis ang
inyong mga awit. Magluluksa ang lahat,
magdadamit ng sako at mag-aahit ng ulo,
na parang nawalan ng iisang anak na la-
laki at magiging mapait ang katapusan.

11 Sabi ng Panginoong Yawe: "Darating
ang mga araw na magpapadala ako ng
pagkagutom sa lupain, hindi pagkauhaw
sa tinapay o sa tubig kundi pagkauhaw na
marinig ang salita ni Yawe. 12 Magsisilaboy
ang mga tao sa magkabilang dagat, pahi-
laga't pasilangang magpapagala-gala sa
paghahanap sa salita ni Yawe na hindi
naman nila matatagpuan.

13 Sa araw na iyon, hihimatayin sa uhaw
ang magagandang dalaga at malalakas
na binata. 14 Lahat ng nanumpa sa diyos
ng Samaria at nagsabing: 'Mabuhay ang
diyos ng Dan, mabuhay ang diyos ng Ber-
seba!' – mabubuwal sila at hindi na maka-
babangon pa!"

**Ikalimang pangitain: pagbagsak ng santuwaryo**

**9** 1 Nakita ko ang Panginoon na nakatayo sa
tabi ng altar at sinabi niya: "Hampasin mo
ang itaas ng mga haligi upang mauga ang mga
bubong at bumagsak sa ulo nilang lahat. Ang
malalabi'y papatayin ko sa tabak; wala isa
mang makatatakas.

2 Pumasok man sila sa lugar ng mga patay,
kukunin sila roon ng aking kamay; umakyat
man sila sa langit, ibababa ko sila mula roon.

3 Magtago man sila sa tuktok ng Karmel,
hahanapin ko sila roon at kukunin; magtago
man sila sa kailaliman ng dagat, uutusan ko ang
ahas doon na tuklawin sila.

4 Itaboy man silang bihag ng kanilang mga
kaaway, iuutos ko roon sa tabak na patayin sila;
ituon ko sa kanila ang aking mata para sa
kapahamakan nila at hindi sa kabutihan.

5 Kapag hinipo Niya ang lupa, natutunaw
iyon at nagluluksa ang lahat ng naroon. Tuma-
taas ang buong lupain gaya ng Nilo at buma-
baba gaya ng ilog ng Ehipto.

6 Itinayo niya ang langit, ang kanyang silid sa
itaas, at inilatag ang dagat sa ibabaw ng lupa.
Tinatawag niya ang mga tubig ng dagat at
ibinubuhos ang mga iyon sa balat ng lupa: Yawe
ang kanyang pangalan.

7 At sinasabi ni Yawe: "Mas mahalaga nga ba
kayong mga Israelita sa akin kaysa mga Etiope?
Di ba't inilabas ko ang Israel mula sa Ehipto,
gaya rin ng mga Pilisteo mula sa Caftor at ng
Aram mula sa Kir?

• 8 Pinagmamasdan ko ang makasalanan
mong kaharian. Nais kong lipulin iyon sa balat
ng lupa, ngunit hindi ko ganap na lilipulin ang
Jacob," sabi ni Yawe.

9 "Ito ang aking iniuutos: Sasalain ko ang Israel
sa piling ng mga bansa tulad ng pagsala sa butil
sa isang bithay; walang makalulusot na bato.
10 Mamamatay sa tabak ang lahat ng maka-
salanan sa aking bayan, ang mga nagsasabing
"Di kami aabutan ng kapahamakan."

---

• **9**.8. Kasunod ng mga pagbabanta sa talata 9:1-6, ipinapakita ng mga berso 9-10 ang kasiguraduhan na laging nadarama ng mga propeta: hindi lubos na wawasakin ng Diyos ang Israel dahil magtitira siya ng malalabi bilang pagtupad sa kanyang mga pangako.

• [11] Itatayo ko uli sa araw na iyon ang bumag-
sak na tolda ni David at kukumpunuhin ang mga
sira at ibabangon ang mga guho, itatayo kong
gaya ng dati.

[12] Sasakupin nila ang nalabi sa Edom at ang
mga kalapit-bansang nakalaan sa pangalan ko.
Ito ang sabi ni Yawe na gagawa ng lahat ng ito.

[13] Sabi pa ni Yawe: "Dumarating ang mga
araw na lalampasan ng nag-aararo ang nag-
aani, ng pumipisa ng ubas ang nagtatanim.
Tutulo ang bagong alak sa mga bundok at
matutunaw ang lahat ng burol.

[14] Ibabalik ko mula sa pagkatapon ang bayan
kong Israel; itatayo nilang muli ang wasak na
mga lunsod at maninirahan doon. Magtatanim
sila ng mga ubas at iinumin ang alak nito,
magkakaroon sila ng halamanan at kakanin ang
bunga ng mga iyon. [15] Papag-uugatin ko sila sa
sarili nilang lupain at hindi na sila bubunutin pa
mula sa lupaing bigay ko sa kanila," sabi ni Yawe
na inyong Diyos.

---

• 11. Nasa talata 9:11-14, na tiyak na sinulat pagkatapos ng pagkatapon ng Israel, ang pangako na pag-iisahing muli sa hinaharap sa iisang bayan ng Diyos ang dalawang kaharian, Israel at Juda.

Aalalahanin ni Apostol Jaime ang pangakong ito para ipakita ang kalooban ng Diyos na paabutin ang kaligtasang nakamit ni Jesus sa lahat ng bansa at hindi sa Israel lamang (tingnan Mga Gawa 15:16). Pansinin din na babanggitin ni Jaime ang tekstong ito sa naiibang anyo kaysa nababasa natin dito. Dahil ito sa paggamit ng mga apostol sa Bibliang salin sa Griyego, na malimit ay binabago ang kahulugan, hindi para maging di-tapat sa orihinal na mensahe, kundi dahil sa paglipas ng panahon, mas naiintindihan ng mga Judio ang kalooban ng Diyos. Isang halimbawa: narito si Amos na nagsasalita para sa Israel na "sasakop sa mga bansa" na noong panahong iyo'y parang isang malaking kagandahang-loob ng Diyos. Pero "mga bansang naghahanap sa Diyos" naman ang sinasabi ng mga Judio ng sumunod na mga panahon na nagsalin sa Biblia sa ibang mga wika, dahil nang panahong iyo'y napagnilayan nang mabuti ng mga propeta ang plano ng Diyos.